Filipino

# Ano ang mangyayari kung ang aking sampol ay kukunin ng aking tagapagbigay ng pangkalusugang pangangalaga



## Hakbang 1.

Ikaw ay ilalagay sa isang pribadong lugar kasama ang iyong tagapagbigay ng pangkalusugang pangangalaga – karaniwan ay isang doktor, nars, o manggagawa ng pangkalusugang pangangalaga.




## Hakbang 2.

Hihilingan kang maghubad ng iyong damit mula sa baywang pababa at humiga nang patihaya. Bibigyan ka ng kumot para takpan ang iyong sarili.



## Hakbang 3.

Gagamit ang doktor o nars ng isang kagamitan na ang tawag ay speculum, para gawing mas madali ang pag-abot sa iyong matris.




## Hakbang 4.

Pagkatapos, kukuha siya ng maliit na sampol ng mga selula mula sa iyong matris gamit ang malambot na sipilyo. Maaaring ito ay hindi komportable pero hindi masakit. Kung masakit ito, sabihin kaagad sa iyong tagapagbigay ng pangkalusugang pangangalaga.



## Hakbang 5.

Ipadadala ng iyong tagapagbigay ng pangkalusugang pangangalaga ang sampol sa isang pathology laboratory upang masuri.



## Hakbang 6.

Susuriin ng pathology laboratory ang iyong sampol at ipadadala ang mga resulta sa iyong tagapagbigay ng pangkalusugang pangangalaga.